MGA KABATAAN, BIDA SA ARAW NI BALAGTAS 2015

Ipagdiwang natin ang ika-227 anibersaryo ng kapanganakan ni Francisco “Balagtas” Baltazar!

Tinatawagan ang mga kabataan na aktibong makilahok sa Araw ni Balagtas 2015. Ito ay pagdiriwang ng ika-227 anibersaryo ng kaarawan ng bayaning makata na si Francisco “Balagtas” Baltazar ang 2 Abril 2015 na may temang ***Si Balagtas at ang Kabataan*.**

Pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mga aktibidad na mangyayari sa pook na malapít sa puso ni Balagtas, ang bayan ng Orion (noon ay Udyong), Bataan. Magkakaroon ng *Kampo Balagtas* mula 30–31 Marso 2015 para sa mga kabataan mulang Rehiyon III at delegasyon mula sa Indigenous People (IP) sa Orion Elementary School.

Isasagawa sa *Kampo Balagtas* ang mga pangkulturang pagtatanghal at makabuluhang pagpapakilala sa búhay at pamana ni Balagtas sa pamamagitan ng mga interaktibong panayam at palaro.

Kikilalanin ang mga nagwagi sa *Talaang Ginto: Makata ng Taon 2015* at ang tatanggap ng *Gawad Dangal ni Balagtas 2015* sa unang araw ng kampo.

Papasinayaan din ang *Hardin ni Balagtas* sa Barangay Wawa, Orion, Bataan sa 30 Marso 2015. Tampok sa hardin ang rebulto ni Balagtas na likha ng bantog na eskultor na si Julie Lluch.

Ang hardin, na paliligiran ng mga katutubong bulaklak at punongkahoy, ay isang *cultural park* na itinatayo sa tulong ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, Bayan ng Orion, Lalawigan ng Bataan, at iba pang ahensiya ng pamahalaan.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa 736-2519 at hanapin si John Enrico C. Torralba ng Sangay ng Edukasyon at Networking, o bisitahin ang kwf.gov.ph.